## Programa ng mga Boluntaryo

Ang “St. Anne Catholic School” ay nagtatag ng programa ng mga boluntaryo upang ang eskuwelahan ay maging masigasig na miyembro ng komunidad.

Ang pinakamahalagang yaman ng eskuwelahan ay ang panahon na itinakda ng mga nakatatandang miyembro ng komunidad sa pag-bobuluntaryo.

Kung meron kayong panahon na maiibigay para makadagdag sa ikabubuti ng pagtuturo sa eskuwelahan, kami ay labis na nalulugod sa inyong tulong.

Maraming paraan na magboluntaryo at lahat ng inyong kasanayan at kaalaman ay makatutulong sa karansan ng mga mag-aaral. Ang hanbuk na ito ay may sagot sa possibleng mga tanong ukol sa pag-bobuluntaryo at may impormasyon ukol sa inaasahang gawain ng mga boluntaryo.

## Bakit Mag-Boluntaryo?

Ang pag-bobuluntaryo ay mainam na paraan na makilala at makibahagi sa eskuwelahan ng iyong anak. Ang iyong tulong at pagdalo sa eskuwelahan ay magbibigay ng karagdagang panahon para sa mabisang pagtuturo ng guro sa bawat mag-aaral.

## Sino ang Pwedeng Mag-Boluntaryo?

Maaring mag-boluntaryo ang sumusunod: mga magulang ng mag-aaral, estudyante sa kolehiyo o unibersidad, at sinumang miyembro ng parokya. Bilang pagsunod sa patakaran ng Ministeryo ng Edukasyon, ang mga boluntaryo ay kailangan dumanas ng pagsisiyasat ng kanilang kriminal rekord. Ang pormluasyon ay makukuha sa opisina ng eskuwelahan. Itong pagsisiyasat ay libre.

## Ano ang Gagawin ng mga Boluntaryo?

Maraming paraan na magboluntaryo:

- Tumulong as pagbabasa at pagsusulat sa anumang wika na ika’y bihasa
- Maging miyembro ng “Catholic School Council” o tumulong sa kanilang gawain:
    - Tanghalian (“pizza” at iba pa)
    - Lumikom ng pondo
    - Mag-ayos ng handaang para sa komunyon at pagtatapos ng mga mag-aaral
    - Supportahan ang mga guro at administrasyon
    - Ipakopya amg mga materials sa pagtuturo
    - Tagapamagitan ng komunidad at eskuwelahan
- Tumulong sa guro sa loob ng klase at sa pagsagot ng takda ng mga mag-aaral
- Magbigay suporta sa pag-babasa ng mga mag-aaral sa panimulang baiting
- Lahat ng gawain ng mga boluntaryo ay ipinagpasya at imomonitor ng administrasyon ng eskuwelahan

## Gaano Kadaming Panahon ang aking Itatakda sa Pag-Bobuluntaryo?

Kahit anumang panahon na maaring maitakda sa pag-bobuluntaryo ay labis naming ikalugod. Kung sakaling hindi kayo pwedeng mag-boluntaryo sa napagpasyang araw at oras, ipinapakiusap naming tumawag kayo sa opisina para makahanap kami ng papalit sa inyo.

Simula ng Klase sa umaga: 9:00 a.m.
Rices sa umaga: 11:00-11:15 a.m.
Pananghalian: 12:00-12:20 p.m.
Simula ng Klase sa hapon: 1:00 p.m.
Rices sa hapon: 2:23-2:28 p.m.
Tapos ng Klase: 3:30 p.m.

Ang Konseho ng mga Magulang ay minsan sa isang buwan 7:00-8:30 ng gabi.

## Anong Karanasan ang Kailangan sa Pag-Bobuluntaryo?

Hindi kailangan ng karanasan sa pag-bobuluntaryo; gayunman kung meron kayong tanging kasanayan at kaalaman, ipapareha namin kayo sa katugmang opurtunidad. Kami’y maglalaan ng pag-sasanay para sa partikular na gawain.

## Paano Maging Boluntaryo?

- Dumalo sa pagkikita ng konseho (araw at oras ay ipapahayag sa “newsletter”)
- Makipag-usap sa opisina ng eskuwelahan
- Makipag-usap sa guro ng iyong anak
-

## Pananagutan ng Boluntaryo

Ang eskuwelahan ay kailangang magsiyasat, maglaan ng pag-sasanay at mangasiwa sa mga boluntaryo. Ang pangangasiwa ay magiging mabisa kung naiintindihan ng boluntaryo ang patakaran, ang kodigo ng disiplina at ang pamamaraan sa biglang pangangailangan ng eskuwelahan. Ang boluntaryo ay hindi saklaw nang “Workplace Safety Insurance” at para sa iyong proteksyon ay umiwas sa mga mapagnanib na kalagayan. Ang boluntaryo na may gawaing saklaw ng lupon ay protektado ng pananagutang seguro ng lupon.

**Anoang ang mga Importanteng Impormasyon doup at Kong malaman?**

<u>“Confidentiality”</u>
Ang Batas ng Kalayaan ng Impormasyon (“Freedom of Information Act”) ay nagbibigay ng karapatan nang sarilinan sa lahat ng tao. Ang pagbibigay pansin sa batas na ito ay labis na mahalaga bilang isang boluntaryo. Ang “confidentiality” or pagtatago ng impormas yon yon ay pina-lawak. ay inaasahan sa lahat ng nagtratrabaho sa eskuwelahan. Ang pag tatauao ng impormas ukol sa mag-aaral, abilidad ng mag-aaral, gawain, silid-aralan, at karapatan ng magulang. Habang nasa eskuwelahan bilang magulang o boluntaryo, inaasahan na ang karapatan nang sarilinan dapat ay iginagalang. Kung merong kayong problema, ipagbigay alam ito sa administrasyon. Ang hindi pagsunod sa “confidentiality” ay suliraning nakabalot sa batas. Kopya ng batas ay makikita sa bibloteka.

<u>Insigniya ng Boluntaryo</u>
Para sa kaligtasan ng lahat, ang mga boluntaryo ay kinakailangang Lumagda sa opisina at kunin ang “sticker” na isusuot habang nag-bobuluntaryo.

<u>Palikuran</u>
Ang palikuran para sa boluntaryo (matatanda) ay nasa labas ng opisina.

<u>Rices</u>
Sa panahon ng rices, ang mga boluntaryo ay inihiling na umulat sa ipinasyang silid-aralan o lugar.

Dufferin Peel District School Board, St. Anne School
124 Vodden Street East, Brampton ON L6Y 1Z4
(905) 459-7621

Tagalog

# St. Anne Catholic School
# Hanbuk ng Boluntaryo

“Tumutulad sa Pagpapatawad at Pagmamahal ng Panginoon:
Ang Komunidad na Nakaugat sa Pananampalataya,
Katungkulan, at Pag-Katuto.”